Impormasyon para sa mga kapanig sa negosyo – mga pagbabago sa mga sertipiko at selyong panseguridad

Gumagawa kami ng mga pagpapahusay sa aming sistema ng sertipikasyon para sa lahat ng iniluluwas na produktong pang-agrikultura.

Kasama rito ang paggawa ng mga pagbabago sa:

- mga sertipiko sa pagluluwas
- mga lagda sa mga sertipikong pangkalusugan
- mga pisikal na selyo para sa mga patinda (consignment) kung saan nangangailangan ng selyong panseguridad ng kagawaran.

Hindi magbabago ang mga inareglo at pinagkasunduang pagdedeklara para sa ‘access’ sa merkado.

Mga sertipiko sa pagluluwas

Ang mga pagbabago sa sertipikasyon sa pagluluwas ay magaganap ng mga yugtuan ayon sa produkto. Ang iskedyul nito ay magdedepende sa kung kailan magiging ‘available’ ang produkto sa aming sistema ng pagdodokumento ng pagluluwas (export documentation system) na NEXDOC.

Tingnan kung kailan magiging ‘available’ ang mga produkto sa NEXDOC.

Kasama sa mga pagbabago ang:

- paggamit sa pangalang *Australian Government* — sa halip na mga nakaraang pangalan ng kagawaran
- paggamit sa ‘crest’ ng Pamahalaan ng Australia
- pagdagdag ng natatanging ‘Quick Reader (QR) code’ para suriin ang pagiging tunay ng sertipiko nang mismong tiyempo na iyon.
- paggamit ng mga kalakip na pahina, kung kinakailangan, para magtala ng higit pang impormasyon na hindi kakasya sa unang pahina ng sertipiko
- mga facsimile/electronic signature sa ilang sertipiko
- pagbibigay ng mga sertipiko na de- **papel** — kapag ibinibigay ito kasama ang isang QR code.

Ang mga pagbabagong ito ay para lang sa mga de-papel na sertipiko. Hindi magkakaroon ng mga pagbabago sa electronic na sertipikasyon (eCert).

Nagdagdag ng Quick Reader (QR) code

Ang bagong mga papel na sertipiko ay magkakaroon ng natatanging QR code. Isa itong dagdag na katangian na panseguridad.

Mai-scan ng mga user ang QR code para makakita ng pangkalahatang-ideya ng sertipiko. Maaari nila itong gamitin para kumpirmahin ang mga detalye gaya ng:

- numero ng sertipiko
- mga uri ng produkto
- kasalukuyang estado ng sertipiko
- exporter
- consignee
- petsa ng pag-alis.

Ang QR code ay mababasa ng:

- anumang gamit na makakabasa ng QR code

o kaya ay

- sa pamamagitan ng paggamit ng certificate scanner mobile application ng kagawaran - na available nang walang bayad sa Android Google Play store at sa Apple App Store.

Kung gagamit ka ng pangkaraniwang QR code reader, dapat mong tiyaking pag-aari ng Department of Agriculture and Water Resources (Kagawaran ng Agrikultura at Yamang Tubig) ang URL.

Mga lagda sa mga sertipikong pangkalusugan

Tatanggalin ng Australia ang lagda ng Chief Veterinary Officer sa lahat ng sertipikong pangkalusugan ng karne, dairy, itlog at seafood.

Papalitan ito ng isang lagda mula sa isang nakakataas na veterinary officer, o lagda ng isang awtorisadong opisyal, depende sa (mga) pagdedeklara ng sertipiko.

Ang mga bagong tagalagda ay makikita sa mga sertipikong ibinibigay ng Australia mula sa katapusan ng Mayo 2019.

Mga selyong panseguridad para sa mga container

Simula Agosto 1, 2019, mag-iiba ang hitsura ng mga selyong panseguridad ng Pamahalaan ng Australia sa mga ‘export container’.

Nailalapat lang ang pagbabagong ito sa mga consignment kung saan nangangailangan ng selyong panseguridad ng kagawaran.

Mga kasalukuyang selyo ng container

Ang mga kasalukuyang selyo ng container ay may pre-fix na ‘A’ sa unahan bago pa ang serial number ng selyo. Ipinapakita ng sumusunod na larawan ang mga kasalukuyang selyo.

Mga bagong selyo ng container

Ang mga bagong selyo ng container ay wala nang pre-fix na ‘A’. Ipinapakita ng sumusunod na larawan ang mga bagong selyo.

Ang mga naipadala nang consignment na naselyuhan bago ang Agosto 1, 2019 ay gagamit ng mga kasalukuyang selyo.

Ang Export Control (Prescribed Goods-General) Orders 2005 ay nag-aatas sa mga ‘bolt and tamper indicative seal’ na magtaglay ng isang natatanging numero.

Ang mga katangian na panseguridad ng mga selyo ay:

- bubuuin pa rin ng isang bolt o metal strap na selyo
- magiging tamper evident

- magtataglay ng natatanging numero
- susunod sa *ISO17712 Freight containers – mechanical seals.*

Update sa export document system

Papalitan namin ang EXDOC gamit ang isang bagong sistema na tinatawag na Next Export Documentation System (NEXDOC).

Sa NEXDOC, mas magiging matatag at nakakatugon sa mga pagbabago sa mga kundisyon ng kalakalan ang export documentation system ng Australia. Kasama rito ang mga pagbabagong hinihiling ng nag-aangkat na bansa.

Hindi binabago ng NEXDOC ang mga kasalukuyan mong kasunduan sa sertipikasyon o ang aming mga kontrol na pangregulasyon sa mga pagluluwas.

Alamin pa ang tungkol sa paglipat sa NEXDOC.

Makipag-ugnayan

Nakikipagtulungan kami sa mga 'trading partner' para matiyak ang isang maayos na paglipat sa bagong sertipiko sa pagluluwas at mga selyong panseguridad, at bawasan ang mga pagkaantala sa kalakalan.

Kung mayroon kang anumang katanungan, komento o alalahanin, makipag-ugnayan sa exports@agriculture.gov.au